Mga tala sa paggamit

- Kung kinakailangan, humingi ng tulong sa iyong kapamilya o sa ibang tao na ilagay ang nasal drops para sa iyo.
- Iwasan na bumahing o suminga pagkatapos gamitin ang nasal drops.
- Huwag gamitin nang matagal ayon sa instruksyon dahil maaari itong maging sanhi ng mga side effect.
- Huwag gumamit ng nasal drops na expired, sira, o iba ang kulay.

Mga posibleng side effect

Pagkatapos gumamit ng nasal drops, maaaring makaranas ka ng ilang mga banayad na side effect tulad ng pagkatuyo, iritasyon, pakiramdam na nasusunod ang ilong. May ilang nasal drops na maaaring mag-iwan ng kakaibang lasa sa iyong bibig. Ang pagbabanlaw ng iyong bibig gamit ang tubig ay makakatulong.

Magpakonsulta kaagad sa iyong doktor kung nakaranas ka ng anumang allergic reaction tulad ng pamamantal ng balat, pamamaga ng mukha o kamay, at nahihirapang huminga.

Pag-iimbak

Itago ang mga gamot sa isang tuyo at malamig na lugar at malayo sa direktang init at liwanag. Kadalasan hindi kailangang iimbak sa loob ng refrigerator maliban na lamang kung nabanggit sa pabalat ng gamot.

Itago ang mga gamot malayo sa naaabot ng mga bata upang makaiwas sa aksidenteng pagkalunok nito.

Itapon ang mga nasal drop na expired na o hindi na kailangan.

Ang polyeto ng impormasyon na ito ay bilang sanggunian lamang.
Ang mga gamot ay dapat na gamitin ayon sa utos ng doktor at pharmacist.
Para sa mga katanungan, magpakonsulta sa iyong doktor, kawani sa dispensaryo o iba pang propesyonal sa pangangalaga ng kalusugan.
Huwag ibahagi ang iyong mga gamot sa ibang tao.

PAANO
gumamit ng
NASAL DROPS



RECTAL SUPPOSITORIES
MEDICINAL MOUTHWASH
NASAL DROPS
EYE OINTMENT
EAR DROPS

Drug Office
Department of Health

Paano gumamit ng Nasal drops

1. Dahan-dahang suminga para upang maging maluwag o malinis ang butas ng ilong bago gumamit ng nasal drops.

2. Hugasang maigi ang iyong mga kamay gamit ang tubig at sabon.

3. Tanggalin ang takip ng bote.

4. Umupo sa isang upuan at tumingala upang sumandal ang iyong ulo sa sandalan ng upuan, o kaya ay humisa sa kama at maglagay ng unan sa bandang likod at balikat upang maitingala ang iyong ulo.



5. Dahan-dahang itutok ang dulo ng bote papunta sa butas ng iyong ilong at ilagay ang bilang ng patak sa iyong ilong ayon sa instruksyon.

Huwag hayaan na madampi sa loob ng iyong ilong ang dulo ng bote dahil makokontamina ito.

6. Manatiling nakatingala ng mga 2 minuto upang hayaan ang gamot na kumalat sa loob ng ilong.

7. Huwag hugasan ang dulo ng bote. Takpan agad ito.